OFFICE OF THE ASSESSOR-RECORDER
SAN FRANCISCO

PHIL TING
ASSESSOR-RECORDER

PAUNAWA NG INASESONG HALAGA PARA SA 2010-2011

Ika-xx ng Hulyo 2010

x
x
x

TAUNANG PAUNAWA LAMANG
HINDI ITO TAX BILL

Mahal na Nagmamay-ari ng Lupa sa San Francisco:

Sumusulat ako sa inyo tungkol sa **inasesong halaga ng inyong propyedad sa petsang ika-1 ng Enero 2010**. Ang inasesong halaga ay ang batayan ng inyong 2010-2011 property tax bill na ipapadala sa inyo sa koreo sa fall. Kung sa palagay ninyo'y mas mababâ ang current market value kaysa sa factored base year value, maaari kayong mag-file ng isang pormal na apela upang magpa-aseso sa Assessment Appeals Board (tingnan ang likod).

Nakalakip ang **mga Madalas na Katanungan**. Kung mayroon pa kayong karagdagang katanungan, mangyaring kontakin kami sa pamamagitan ng bagong one-stop telephone 311 Customer Service Center ng City at County ng San Francisco, sa pamamagitan ng **pag-dial sa 3-1-1** (sa loob ng 415 area code ng San Francisco) o sa pamamagitan ng **pagtawag sa 415-701-2311** (sa labas ng San Francisco). Mangyaring bisitahin ang aming website sa www.sfassessor.org para sa karagdagang impormasyon.

KINAROROONAN NG PROPYEDAD
Xxxxxx
BLOCK at LOTE
Xxxxxx

2010-2011 Factored Proposition 13 Base Year Value	$ xxxx.xx
Inasesong Halaga para sa 2010-2011	$ xxxx.xx
Eksempsiyon sa 2010-2011 (-)	x.xx
Netong Inasesong Halaga para sa 2010-2011	**$ xxxx.xx**

Paunawa ng Homeowner's Exemption

Kung kayo ay may-ari at okupado ninyo ang inyong propyedad bilang inyong pangunahing bahay, maaaring kwalipikado kayo para sa isang homeowner's exemption. Pinapayagan kayo ng isang Homeowner's Exemption lamang sa Estado ng California. Kung kayo ay kwalipikado at wala kayong nakikitang nakalistang halaga ng exemption sa exemption box sa kaliwa, mangyaring bisitahin ang aming web site para makakuha ng pormularyo ng Homeowner's Exemption.

Para sa Inasesong Halaga para sa nakaraang taon, magpunta sa: www.sftreasurer.org

Ang inyong inasesong halaga ay maaaring nagbago mula sa nakaraang taon dahil sa mga sumusunod na dahilan:

1. Pagtaas nang hanggang 2% dahil sa inflation bawat taon pinahihintulutan sa ilalim ng Panukala 13; sa taóng ito, ang inflationary factor ay negative.
2. Nagbago ang may-ari ng buong propyedad o bahagi ng propyedad.
3. Bagong construction, kabilang ang pagremodel, pagdagdag, atbp.
4. Restoration ng factored base year value mula sa mga pansamantalang pagbawas ng naunang taon dahil sa mga kondisyon sa ekonomiya, pinsala ng apoy o iba pang kalamidad.

Sumasainyo,

Phil Ting
Assessor-Recorder

PAUNAWA: Maaaring sinasalamin ng ipinapakitang inasesong halaga ang isang pag-aseso na hindi nasasapanahon. Patuloy na bayaran ang regular bills kapag inisyu, at sa darating na panahon ay padadalhan kayo ng isang/mga karagdagang bill para sa pagkakaibang halaga. Ang inasesong halaga ay tiniyak noong ika-1 ng Enero 2010. Ang ipinapakitang **Netong Inasesong Halaga para sa 2010-2011** ay ang pagbabatayan ng inyong 2010-2011 property tax bill. Ipinapakita ng nasa itaas na **Panukala 13 Factored Base Year Value** ang inyong orihinal na assessment, at mga adjustment para sa inflation, na may mga pagtaas bawat taon na hindi lalampas ng 2%.

City Hall Office: 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
Room 190, San Francisco, CA 94102-4698
311 Customer Service Tel: (415) 701-2311
www.sfassessor.org
e-mail: assessor@sfgov.org

PAANO TINITIYAK ANG INASESONG HALAGA NG INYONG PROPYEDAD

Ang Base Year Value

Ang Panukala 13, isang batas ng Estado, ay itinatag noong 1975-1976 bilang "base year" para sa assessment ng propyedad. Ang base year value na ito ang pinagsisimulan sa pagkalkula ng mga taunang assessment sa susunod na taon.

Ang Halaga ng Base Year Value ay Tumataas o Nagbabago

Ang base year value ay inaakma bawat taon para sa inflation, at ang anumang taunang pagtaas ay limitado sa hindi lalampas ng 2%. Ang adjusted value na ito ay tinatawag na "factored base year value."

Ang base year value ay maaari ring i-adjust sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Pagbabago ng may-ari, at sa gayon ang propyedad ay tinatakdaan ng isang bagong base year value (karaniwan, ang value na ito ay pareho ng presyo nang binili), o kaya
- Bagong construction sa propyedad, kabilang ang pag-remodel, pagdagdag, atbp, at sa gayon ay tinatakdaan ng isang bagong base year value ang propyedad na tinayuan ng bagong construction (ang market value ng bagong gusali o ng idinagdag).

PAANO TINITIYAK ANG PROPERTY TAX MULA SA INASESONG HALAGA

Ang inyong 2010-2011 Netong Inasesong Halaga ay hindi ang halaga ng inyong property tax. Ang inyong mga tax ay nababatay sa inasesong halaga ng propyedad, na minultiplika sa taunang tax rate. Ang tax rate para sa 2010-2011 ay hindi pa itinatatag ng Board of Supervisors. Gayunman, maaari ninyong tantiyahin ang inyong taxes sa pamamagitan ng pag-multiply sa inyong inasesong halaga gamit ang tax rate na 1.159% para sa nakaraang taon. *Halimbawa, kung ang inasesong halaga ay $700,000, ang mga property tax sa propyedad ay hihigit-kumulang sa $8,113.* Matatanggap ninyo ang inyong tax bill sa Oktubre 2010 mula sa Treasurer & Tax Collector's Office.

PROSESO NG PAG-APELA

Ang mga apela sa pagtatasa ay maaaring ipadala mula ika-2 ng Hulyo 2010 hanggang sa ika-15 ng Setyembre 2010. Mangyaring siguraduhing ipadala ang inyong aplikasyon sa Assessment Appeals Board bago ng deadline. *(Tingnan ang Seksyon 619 ng Revenue and Taxation Code)*

Assessment Appeals Board

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa inasesong halaga, maaari kayong mag-file ng isang pormal na "Aplikasyon para sa Binagong Assessment" sa Assessment Appeals Board, isang itinakdang nagsasarling board na taga-rebyu. Ang impormasyon sa aplikasyon ay makukuha mula sa Clerk ng Assessment Appeals Board, City Hall – Room 405, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, San Francisco, CA 94102, mangyaring bisitahin ang kanilang website sa www.sfgov.org/aab. Ang mga apela sa assessment ay dapat I-file sa Clerk **sa pagitan ng ika-2 ng Hulyo 2010 at ika-15 ng Setyembre 2010**.